


# Ang Mga Alitaptap Sa Puno Ng Bitaoy

Nagsulat: **Yves Clark Fabrigas**
Gumuhit: **George Gamboa**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

Noong unang panahon, ang pamilya ni Borotoy at maraming mga Ayta ay naninirahan sa kabundukan ng Botolan. Masaya silang namumuhay dito kasama ang mga alitaptap.

Pagsapit ng ika-anim ng gabi ay nagdadasal ng Dororo ang pamilya ni Borotoy gayundin ang iba pang mga Ayta kay Apo Namalyari. Matapos manalangin, nagsasayaw sila ng talipi habang iniilawan ng mga alitaptap.

Isang araw, may dumating na mga dayo mula sa ibang bayan. Iningganyo silang maaari nilang ibenta ang mga punong Bitaoy na tinitirhan ng mga alitaptap.

Hinikayat din sila ng mga ito na manirahan sa ibang lugar kung saan may maaliwalas na lugar kasama ang iba pang mga tao sa kabayanan.

Ilan sa mga Ayta ay napilitang magbenta ng puno ng Bitaoy at ang iba naman ay lumipat ng kabayanan upang doon na manirahan.

Naiwan ang pamilya ni Borotoy kasama ang ilan sa mga Ayta sa kabundukan ng Botolan. Umunti na rin ang puno ng Bitaoy at nawala na rin ang mga alitaptap.

Naging malungkot at mahirap ang pamumuhay sa kabundukan ng Botolan lalo na sa kadiliman ng gabi. Dumating ang sandali na ang pamilya na lamang ni Borotoy ang naiwan sa Botolan.

Kahit mahirap ang buhay sa kabundukan, napagkasunduan ng pamilya ni Borotoy na ipagpatuloy ang pagdarasal ng Dororo kay Apo Namalyari at pagsasayaw ng Talipi. Nagtanim ulit sila ng mga puno ng Bitaoy at pinigilan nila ang pagpasok ng mga dayo upang pumutol ng mga natitirang puno.

Ilang panahon lamang ay muling tumubo at lumago ang mga puno ng Bitaoy.

Isang gabi, habang sila ay nagdarasal, lumitaw ang kumpol- kumpol na alitaptap. Mula noon, masaya silang nagsayaw ng Talipi at namuhay ng mapayapa sa kabundukan ng Botolan.

